

Paglilipat-Diwang Kawikaan: Ugnayang Intertekstuwal sa Moral na Diwa ng mga Maikling Kuwento ni Rodrigo S. Gabriel

Transcreation of Proverbs: An Intertextual Relationship in the Moral Themes of Rodrigo S. Gabriel's Short Stories

Irma T. Gotera¹

¹Mindanao State University-Main Campus

*Korespondensiyang awtor: irma.gotera@msumain.edu.ph

Natanggap: Mayo 29, 2026

| Nirebisa: Hunyo 21, 2026

| Tinanggap: Hunyo 27, 2026

| Inilathala: Hulyo 24, 2026

Abstrak (Filipino)

Nilayon ng pananaliksik na ito na suriin ang mga kawikaang moral sa sampung (10) maikling kuwento ni Rodrigo S. Gabriel (RSG) na nalathala sa Magasing Liwayway at ang impluwensiya ng mga ito sa paglutas ng mga suliraning moral ng mga tauhan. Gumamit ang pag-aaral ng kuwalitatibong disenyo na nakatuon sa pagsusuring tekstuwal at *purposive sampling*. Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng (1) pagtukoy sa mga diyalogong hindi tuwirang nagpapahayag ng kawikaan, (2) pagtatapat ng mga ito sa mga kilalang salawikaing Pilipino, at (3) pag-uugnay ng mga natukoy na salawikain sa mga kaugnay na kawikaan sa Bibliya. Naging gabay sa pagsusuri ang etikal na pananaw sa Makataong Pagkilos ni Panizo (1964), Pilosopiyang Pilipino ni Timbreza (1982), Dialogismo ni Bakhtin (1981), at Intertekstuwalidad ni Kristeva (1980). Mula rito ay nabuo ang konseptong Paglilipat-diwang Kawikaan bilang midyum ng pagsasaling kultural. Ayon kay Kristeva, ang bawat teksto ay isang *mosaic* ng mga siping humuhugot at nagbabago ng kahulugan mula sa iba pang teksto. Natukoy sa pag-aaral ang mahahalagang pagpapahalagang moral tulad ng karangalan at integridad, katarungan sa paggawa, pagdamay sa kapwa, ganting-kabutihan at pagtitimpi, katapatan, at paggabay ng budhi. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang Paglilipat-diwang Kawikaan ay nagpapakamalas ng ugnayang intertekstuwal na nagpapatibay sa magasing Liwayway bilang makabuluhang daluyan ng panitikan at tagapagpanatili ng moralidad at karunungan.

Abstract (English)

This study examines the moral proverbs embedded in ten (10) short stories by Rodrigo S. Gabriel (RSG) published in Liwayway Magazine and explores their role in resolving the moral dilemmas encountered by the characters. Employing a qualitative research design, the study uses textual analysis and purposive sampling. The analysis involved three stages: (1) identifying dialogues that implicitly express proverbial meanings, (2) matching these expressions with established Filipino proverbs, and (3) correlating the identified proverbs with corresponding biblical proverbs. The study is anchored on Panizo's (1964) Ethics of Human Action, Timbreza's (1982) Filipino Philosophy, Bakhtin's (1981) Dialogism, and Kristeva's (1980) Intertextuality. From these perspectives, the study proposes the concept of Proverb Transcreation as a medium of cultural translation. Consistent with Kristeva's notion that every text is a mosaic of quotations and changes its meanings in other texts. The findings reveal core moral values reflected in the stories, including honor and integrity, justice in labor, compassion, reciprocity and self-restraint, fidelity, and the guidance of conscience. The study concludes that Proverb Transcreation demonstrates the intertextual relationship between Filipino and biblical wisdom traditions, establishing Liwayway Magazine as a significant literary medium for preserving, transmitting, and reinforcing moral values and cultural wisdom.

Susing-salita: Intertekstuwalidad, Paglilipat-Diwang Kawikaan, Moralidad, Kawikaan sa Bibliya, Pilosopiyang Pilipino, Makataong Pagkilos

Keywords: Intertextuality; Proverb Transcreation; Morality; Biblical Proverbs; Filipino Philosophy; Human Action

Pagsipi (To cite):

Gotera, I. (2026). Paglilipat-Diwang Kawikaan: Ugnayang Intertekstuwal sa Moral na Diwa ng mga Maikling Kuwento ni Rodrigo S. Gabriel. *Sindaw Journal*, 1(1), 27-36. <https://doi.org/10.5281/zenodo.22063484>



1. Introduksyon

“Mahirap pangaralan nang harapan ang tao, kaya sa pamamagitan ng aking mga kuwento ay maipararating ko ang mabuting pangaral.”—Rodrigo S. Gabriel.

Ang tinig ng awtor ng mga kuwentong sinuri mula sa magasing Liwayway ay nagpapatunay na ang pagsulat ng kuwento ay sinadyang paraan upang makalikha ng mga aral sa buhay, na isang malawak na espasyo para sa pagtuturo ng mga kawikaang moral nang hindi nanghuhusga sa mga mambabasa at hindi rin hayagang nagtuturo. Sa halip na hayagang pangaral, idinaan ng awtor sa mga diyalogo ang unibersal na pananaw sa moralidad ng buhay.

Mabisa ang ganitong paraan sapagkat ang mga kawikaang moral ay hindi na bago sa kolektibong kamalayan ng mga Pilipino. Ang mga salawikaing-bayan ay tinitingnan bilang salalayan ng katutubong lohika at etika na nagdudulot ng positibong impluwensiya sa gawi at kaisipan ng isang lipunan at ng isang indibiduwal. Ang pag-aaral ay nagbigay-diin sa mga kawikaang moral sa loob ng sampung (10) kuwento sa magasing Liwayway.

Ang diyalogo bilang elemento ng maikling kuwento ay binigyan ng lalim sa pagsusuri sapagkat hinugot dito ang mga makataong kilos batay sa pilosopikal na pananaw ni Panizo (1964). Ayon sa kanya, ang Makataong Pagkilos ay nagmumula sa tao bilang isang rasyonal na nilalang na nagtataglay ng kaalaman, kalayaan, at pagkukusa. Upang ganap na maunawaan ang iba’t ibang tinig sa teksto, ang pag-aaral ay inangkla sa Intertekstualidad ni Kristeva (1980) at Teorya ng Dialogismo ni Bakhtin (1981).

Pangunahing layunin ng pag-aaral na masuri ang mga diyalogo na hindi nagsisiwalat ng mga kawikaan, bagkus ay ikinukubli sa pamamagitan ng pahiwatig at matatalinghagang pahayag nang sa gayon ay mailipat ang unibersal na diwa ng aral sa pamamagitan ng anyong salawikain. Taglay ng mga salawikain ang minanang dunong na nagpasalin-salin sa mga henerasyon upang magturo ng moralidad at kumilos nang malayo sa karahasan (Barone, 2021). Sa pamamagitan ng konseptong Paglilipat-diwang Kawikaan ay pinalalim ang pag-unawa sa bawat diyalogo ng mga tauhan. Ito ang puso ng pangkahalatang pagsusuri sapagkat nagpapintig kapwa sa mga berso sa Bibliya at salawikain bilang karunungan-bayan ng mga Pilipino.

2. Metodo

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuring tekstual. Sampung (10) maikling kuwento ni Rodrigo S. Gabriel (RSG) ang sinuri na nalathala sa magasing Liwayway. Nakatuon ang pagsusuri sa konteksto ng diyalogo na naglahad ng aral at karanasan ng mga tauhan.

Tinukoy sa pagsusuri ang mga aral na hindi hayagang inilahad, subalit malinaw na ipinakita sa mga diyalogo ng mga pangunahing tauhan. Kinilala ang mga ito batay sa mga pagpapahalagang moral na ipinahiwatag ng mga tauhan sa pamamagitan ng kanilang usapan. Ang sunod na hakbang na ginawa ay ang paglilipat-diwang kawikaan na siyang naging pamamaraan ng pagsusuri. Sa prosesong ito, ang bawat natukoy na di-hayag na salawikain ay itinatapat sa mga naitalang salawikain sa antolohiya ni Eugenio (2002) at sa mga kaugnay na kawikaan sa Aklat ng Kawikaan sa Bibliya.

Ang pagtatapat ay hindi ibinatay sa magkatulad na salita o istruktura kundi sa pagkakatulad ng diwa, pagpapahalaga, at moral na mensahe, alinsunod sa mga prinsipyo ng Intertekstualismo, na nagbibigay-diin sa ugnayan ng mga teksto sa pagbuo ng kahulugan. Pagkatapos ng pagtatala sa mga salawikain ay sinuri ang intertekstual na transpormasyon ng mga natukoy na salawikain at kawikaan sa loob ng mga diyalogo ng mga tauhan. Sinipat kung paano ang mga naunang tekstong moral ay muling binigyang-kahulugan at naisabuhay sa bagong konteksto ng mga kuwento, at kung paano ang mga ito ay naging bahagi ng pagninilay,

konsensya, at pagpapasya ng mga tauhan. Gayon din, kung paanong ang mga ito ay naging kasangkapan sa paglutas ng mga isyung moral sa bawat kuwento.

Ginamit ang prinsipyo ni Panizo (1964) tungkol sa mga Makataong Pagkilos upang maipaliwanag kung paano ipinakikita ng bawat diyalogo at karanasan ng mga tauhan ang mga pagpapahalagang humuhubog sa kanilang pagpapasya at pagkilos. Samakatuwid, ang pinagsamang pamamaraan ng pagsusuri ng kuwento ay mabisang nakatulong sa mga layunin ng pag-aaral, gamit ang Intertekstuwalismo, Dialogismo, Paglilipat-diwang Kawikaan, at konsepto ng Makataong Pagkilos ay masusing napag-ugnay ang mga salawikain, kawikaan sa Bibliya, at moralidad sa mga piling maikling kuwento.

3. Resulta at Diskusyon

Isinaad sa aklat ni Panizo (1964) na ang katangiang moral at kabutihan ng isang Makataong Pagkilos (Human Act) ay hindi nagaganap sa kawalan, sa halip ito ay inilalarawan ng tatlong mahahalagang elemento: ang kilos mismo (Object), ang layon o motibo (End o Motive), at ang mga kaganapan (Circumstances).

Ang kilos ay ang pisikal o panlabas o aksyong ginagawa ng tao, halimbawa sa kuwento ay pagnanakaw; ang layon ay ang panloob na hangarin ng tao kung bakit niya ginagawa ang isang kilos, halimbawa sa kuwento ay ang pagtulong ng walang kapalit; at ang mga kaganapan ay ang mga nakapaligid na sitwasyon o salik na may kaugnayan sa pangyayari sa tauhan, halimbawa sa kuwento ay ang kahirapan ng mga tauhan. Upang matamo ang kabutihan ay kinakailangang magtugma ang tatlong salik na ito ayon sa matuwid na katwiran.

Inilalahad sa bahaging ito ang mga kawikaang aral at prinsipyong etikal na sumibol mula sa masusing pagsusuri sa mga diyalogo ng bawat piling maikling kuwento sa Liwayway. Ang mga katutubong salawikaing inilapat at natuklasan sa mga diyalogong nagpahiwatig ng moralidad ay napatunayang nakaugat sa pambansang antolohiya ni Eugenio (2002), na siyang nagsisilbing pangunahin at pundasyon ng kodigo ng etika at kulturang Pilipino.

Ang Paglilipat-diwang Kawikaan ay lubhang mahalaga sa pagpapatuloy, pagpapanatili, at pag-uugnay ng moral na diwa sa magkakaibang teksto. Ipinapakita nito na ang nakasulat na karunungan ng salawikain at ng Aklat ng Kawikaan sa Bibliya ay matagumpay na lumipat, nagbagong-bihis, at naging buhay na tinig na siyang humubog sa konsensya ng mga tauhan upang unahan sila sa maaaring pagkakasala at gabayan sila tungo sa tamang makataong kilos.

Upang maging sistematiko ang paglalahad ng mga tekstual na ebidensyang ito, inilalatag sa Talahanayan 1 ang pagtatapat ng mga diyalogo, ng kanilang nakatagong diwa, ng katapat na salawikain ayon kay Eugenio, at ng teolohikal na pagpapatibay mula sa Aklat ng Kawikaan sa Bibliya.

Ang pagtalakay sa resulta ng pag-aaral ay ibinatay rin sa konsepto ng dialogismo ni Bakhtin (1981) na nagsasabing ang kahulugan ng isang pahayag ay nabubuo sa pakikipag-ugnayan nito sa iba pang mga pahayag at teksto. Naipakita ng pananaliksik na ito ang kabuluhan ng kahulugan ng diyalogo sa pamamagitan ng pagtukoy sa diwang inilipat sa isa pang anyo, kaya ang Paglilipat-diwang Kawikaan ay lubhang mahalaga sa patuloy na ugnayan ng moral na diwa sa magkakaibang teksto.

Talahanayan 1. Mga Kawikaang Aral

Maikling Kuwento	Diyologo ng Tauhan	Mga Salawikain (Mula sa Antolohiya ni Dr. Damiana Eugenio)	Kawikaang Biblikal (Aklat ng Kawikaan)	Taglay na Diwa / Moral na Aral (Batay sa Etika ni Panizo)
Kahit May Tatak	“Kahit buhay ko’y itataya ko, magbago lang ang pagkilala sa ‘king pagkatao.” -Celso	“Ang puri at ang dangal, mahalaga kaysa buhay.”	“Mas mabuting piliin ang malinis na pangalan kaysa sa maraming kayamanan.” (Kawikaan 22:1)	Kagitingan at Katapatan sa Sarili (Fortitude & Moral Integrity)
Duguang Panaginip	“Pero sanay ako sa hirap. Hindi ako naghahangad na magkakuwarta at yumaman sa masamang paraan.” - Emma	“Mabuti pa ang bahay-kubo na ang nakatira ay tao, kaysa palasyo na ang nakatira ay kuwago.”	“Ang maliit na halaga buhat sa mabuting paraan ay higit na mabuti sa yamang buhat sa kasamaan.” (Kawikaan 16:8)	Katarungan at Katatagan ng Karakter (Justice & Temperance)
Hindi na sa Iyo	“Ang taong ‘yan na matutulungan mo, sa iba naman gaganti ng kabutihan at hindi na sa iyo.” -Mrs. Magno	“Gawin mo ang mabuti, at itapon mo sa dagat; kung hindi magantihan ng tao, Diyos ang magbubuhat.”	“Ang naaawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon, at ang kanyang mabuting gawa ay babayaran sa kanya uli.” (Kawikaan 19:17)	Dalisay na Pag-ibig sa Kapwa
Ang Aginaldo ni Tandang Primo	“Ang pinakamagandang pagtulong sa kapwa ay tulungan mo siya na matulungan ang kanyang sarili.” - Tandang Primo	“Magkupkop ka ng kaawa-awa, langit ang iyong gantimpala.”	“Ang kaluluwa ng tamad ay naghahangad... ngunit ang masipag ay tataba.” (Kawikaan 13:4)	Katalinuhang Moral sa Paggawa
Kahit Paskong Tuyo	“Naiintindihan ko ang katayuan mo...kung magagawa ko lang, ibig kong maging masaya ang lahat ng tao kahit tuwing Pasko man lang.” -Cesar	“Ang masintahing puso ay laging bukas sa saklolo.”	Ang kagandahang-loob ay huwag ipagkait sa kapwa, kung ika’y may kakayahan na ito ay magawa. (Kawikaan 3:27).	Unibersal na Pagmamalasakit (Benevolence / Goodwill)
Ang Konsensya ni Kuyang Pasyo	Ang api-apihan, e pinagpapala ng Diyos. Kaya huwag kang mag-isip ng ano mang ‘ika nga e ilalagay mo sa kamay mo ang batas.” -Tonyo	“Ang nagpapakababa ay itinataas, ang nagpapakataas ay ibinababa.”	“Huwag mong nakawan ang dukha... Sapagkat ipapakipaglaban ng Panginoon...” (Kawikaan 22:22-23)	Moral na Katatagan at Pagpapakumbaba (Humility & Resignation to Divine Will)

Ang mga diyalogong inilahad sa pag-aaral na ito ay kinakitaan ng malalalim na katangiang moral at ng kultural. Sa pamamagitan ng Teoryang Intertekstuwal ni Kristeva at ng pilosopiyang etikal ni Panizo ay nagpapatunay na ang mga pahayag na ito ng mga tauhan sa bawat kuwento ay salamin ng mga makataong pagkilos na umalingawngaw sa pagtatagpo ng mga karunungan mula sa Banal na Kasulatan at matanda o katutubong dunong ng kulturang Pilipino.

Kagitingan, Integridad, at ang Moralidad ng Layon

Sa unang dalawang diyalogo, ang mga tauhan ay nagpakita ng mataas na antas ng makataong pagkilos. Ang isang kilos ay maituturing na makatao kung ito ay nagtataglay ng kaalaman, kalayaan, at pagkukusa.

Ang marahas ngunit matatag na paninindigang pahayag na *kahit buhay ko'y itataya ko, magbago lang ang pagkilala sa 'king pagkatao* ay maituturing na makataong pagkilos. Si Celso ay may buong paninindigan sa kahirinatnan ng kaniyang pasya at malaya niyang pinili ang sukdulang sakripisyo. Ang dating nagkasala sa lipunan ay nagpasyang magbago sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti sa kapwa. Ang pahayag na ito ay may intertekstuwal na ugnayan sa katutubong salawikain na *Ang puri at ang dangal, mahalaga kaysa buhay* at sa Kawikaan 22:1. Ang moral na aral dito ay ang pagpapakita ng kagitingan at katapatan sa sarili sapagkat mas pinipili ng rasyonal na tao na wakasan ang pag-iral niya sa mundong ito kaysa mamuhay ng may bahid ng dumi sa lipunan. Nangingibabaw rin sa tao ang kalikasan nitong maging mabuti sa sarili at maging huwaran sa ibang tao. Ang dangal ng tao ay kasimbigit ng buhay nito kung kaya't ganito na lamang ito pinapahalagahan.

Samantala, ipinamalas naman ni Emma sa diyalogo ang katatagan sa kabila ng kahirapan nang sabihin niyang hindi niya hinahangad ang yaman kung sa masamang paraan magmumula. Ayon kay Panizo, ang moralidad ng isang kilos ay sinusuri din sa pamamagitan ng layon nito (finis operantis). Sa sitwasyong ito, ang obhetibong kalagayan ng tauhan bilang dukha ay hindi naging hadlang upang makompromiso ang kaniyang integridad. Kung gayon, ang moral na aral ay nakasandig sa katarungan at katatagan ng karakter. Intertekstuwal nitong sinasalamain ang Kawikaan 16:8 at ang salawikain ukol sa *bahay-kubo*. Sa kulturang Pilipino, ang uri ng tirahang ito ay sumisimbolo ng kahirapan, subalit sa salawikaing ito ay binaligtad ang kahulugan. Itinampok ang bahay-kubo na may mataas na moralidad laban sa marangyang palasyo na puno ng kasakiman sapagkat isinasaad sa pilosopiya ni Panizo na ang makataong pagkilos na nakikita sa bahay-kubo ay may birtud ng katarungan at katatagan. Sa kuwento, ipinakita na ang kahirapan ay hindi hadlang sa kasiyahan ng tao. Mananatiling mahirap ang pamilya ni Emma huwag lang madungisan ang kanilang pangalan. Ang pagpili sa ganitong estado ay pagpapayaman sa mabuting budhi o konsensya ng tao upang matiwasay na makapamuhay sa mundong ibabaw.

Ang Etika ng Pagtulong at Unibersal na Pagmamalasakit

Ang ikatlo, ikaapat, at ikalimang diyalogo ay may iisang pangkalahatang diwa: ang malinis na hangaring tumulong sa kapwa. Sa katangiang etikal ni Panizo, ang pagtulong ay isang gawaing may mataas na moral na halaga kung ang motibo ng taong kumikilos ay dalisay at walang hinihintay na personal na pakinabang. Ang Diyalogo 3 ay nagpapamalas ng pagtanaw sa kabutihan bilang isang unibersal na siklo ng pagganti -sa iba naman gaganti (positibo ang dulot). Malinaw na ito ay matatagpuan sa intertekstuwal na repleksyon sa Kawikaan 11:25 at sa salawikaing *Kung ano ang iyong itinanim, ay siyang iyong aanihin*. Ang makataong pagkilos na ito ay nagtuturo ng dalisay na pag-ibig sa kapwa bilang isang pagkukusang gawain nang walang hinihinging kabayaran. Isang pagkukusa na walang inaasahang magiging kapalit kapag ito ay isinagawa.

Sa Diyalogo 4, ang pilosopiya ng pagtulong ay naitaas sa antas ng pagbibigay-kapangyarihan upang magabayan ang kapwa na matulungan ang kaniyang sarili. Ipinapakita nito ang katalinuhang moral sa paggawa. Isa itong maingat at matalinong pagpapasya ni Primo na naglalayong hindi dapat paasahin ang kapwa dahil sa tulong na maibibigay na umaayon sa diwa ng Kawikaan 13:4 at sa salawikaing *Magkupkop ka ng kaawa-awa*. Ang moral na aral ay ang pagtulong na may pagpapahalaga sa dignidad ng kapwa. Hindi rin ginagamit ang magandang salita na hindi tinutupad lalo na't ito ay inaasam ng kapwa.

Sa Diyalogo 5, ipinapakita naman ang unibersal na pagmamalasakit sapagkat ninais ni Cesar na maging masaya ang mga tao kahit sa isang okasyon gaya ng Pasko. Ito ay isang boluntaryo o pagkukusang pagpapamalas ng pagmamalasakit (empatiya) na umaayon sa Kawikaan 3:27 at sa salawikaing *Ang masintahing puso ay laging bukas sa saklolo*. Sa etikal na pananaw, ito ay nagpapakita ng isang moral na kilos para sa kolektibong kabutihan sa kaniyang kapwa. Isang ekstensyong kasiyahan na natatamo sa pamamagitan ng pagpapasaya sa ibang tao.

Katatagang Moral sa Gitna ng Kaapihan

"Ang api-apihan ay pinagpapala ng Diyos," ay nagtataglay ng moral na aral ukol sa katatagan at pagpapakumbaba. Malinaw na sa diyalogo 6 ay ipinapakita ang isang tuwirang intertekstuwal na alingawngaw ng Kawikaan 22:22-23. Ang pagpapakumbaba at pagtitiis ay natagpuan sa mga salita ni Turyo na hindi dapat tingnan bilang kahinaan sa halip ay kalakasan sapagkat ito ay isang makataong pagkilos na pinili nang may laya at kamalayan. Ito ay isang pagpapayo na hindi dapat ilagay sa mga kamay ang batas, sapagkat kailangang ipaubaya ang katarungan sa tinatawag ni Panizo na huling hantungan ng katarungan na nanggagaling sa kalooban ng Panginoon. Ang aral na napulot dito ay ang pagkilala sa tunay na kapangyarihan ng Panginoon at pagpapala. Ang paghihiganti ay hindi dapat maging marahas sapagkat ito ay nangangailangan ng pagpapanatili ng moral na integridad sa kabila ng kaapihan.

Ang Transpormasyong Intertekstuwal

Sa transpormasyong intertekstuwal ng dumaraan sa pag-uulit kundi ito ay binabago, isinasabuhay, at binibigyan ng bagong anyo sa loob ng panibagong teksto. Sa papel na ito, ang mga salawikain at kawikaan sa Bibliya ay hindi nananatiling nakasulat na aral; sa halip ang mga ito ay nagiging pilosopiya at prinsipyo at maging konsensya ng mga tauhan. Sa mga panahong nahaharap sila sa mga suliraning moral, ang mga aral na ito ay muling pumupukaw sa kanila na nagdudulot ng bagong pagpapakahulugan batay sa kanilang kalagayan. Ang bunga ng ganitong pangyayari ay makikita sa kanilang diyalogo at mga pasyang nagpapaangat ng kanilang moralidad. Samakatuwid, ang orihinal na teksto ay dumaraan sa transpormasyon mula sa isang nakasulat na aral patungo sa isa pang panibagong anyo ng aral upang magbigay ng tanglaw sa ikikilos ng tao. Nagigising nito ang diwang kumilos at makapag-isip ng malalim batay sa sitwasyong kinakaharap.

Ang Budhi o Konsensya bilang Solusyon sa Ilang Isyung Moral

Ipinaliwanag ni Panizo ang konsensya bilang *act of the practical judgement of reason deciding upon an individual action as good and to be performed and as evil and to be avoided*. Malinaw na isinasaad na ang mabuti ay isinasagawa, samantalang ang masama ay iniwasan. Bukod sa kahulugang ito ng konsensya ay sinasabi ding ito ay *inner or little voice of God*. Ang kahulugang ito ay isang metaporikal na nagsasaad ng ugnayang espirituwal at moral sa unibersal na batas. Sa pagsusuri ng mga datos, lumitaw na ang konsensya o budhi ang pangunahing transpormasyon tungo sa pagbabago ng mga tauhan.

Ipinapakita ng talahanayan 2 ang krisis-moral at kung paano ito nalutas gamit ang pagsasama ng pananaw nina Panizo at Timbreza. Ang pagtalakay ay tumuon sa teoretikal na pagtatapat ng

mga teksto tungo sa aktuwal na dinamikong pasalaysay ng mga kuwento sa magasing Liwayway. Upang maunawaan kung paano isinalin ang unibersal at matandang karunungan sa tunay na pamumuhay ay ipinapakita sa Talahanayan 2 ang ugnayan ng mga piling diyalogo ng mga tauhan, ang mga krisis na moral, at ang naging kalutasan ng mga ito sa mga kuwento ni RSG. Binigyang-diin sa pagsusuring ito ang budhi o konsensya bilang solusyong moral sa mga kinilalang isyung moral. Ang mga prinsipyo nina Panizo at Timbreza ay binigyang-diin sa pagtalakay ng resulta ng pag-aaral.

Talahanayan 2. Ang Proseso ng Paglilipat-Diwa at Kalutasan sa Suliraning Moral ng mga Tauhan

Diyalogo ng Tauhan	Isyung Moral / Krisis na Kinaharap	Pagsusuring Intertekstwal (Eugenio at Bibliya)	Impluwensiya sa paglutas ng Isyung Moral
1. "Kahit buhay ko'y itataya ko, magbago lang ang pagkilala sa 'king pagkatao."	Krisis sa Reputasyon (Maruming nakaraan bilang dating magnanakaw)	Salawikain: "Ang pangako ay utang..." Bibliya (Kawikaan 22:1): "Mabuting pangalan ay piliin kaysa malaking kayamanan."	Pagbabalik-loob tungo sa kabutihan sa komunidad
2. "Pero sanay ako sa hirap. Hindi ako naghahangad na magkakuwarta at yumaman sa masamang paraan."	Tukso ng Karangyaan sa gitna ng matinding kakapusan at kahirapan	Salawikain: "Magsisi ka man at huli, wala nang mangyayari." Bibliya (Kawikaan 16:8): "Mas mabuti ang kaunti na may katuwiran kaysa malalaking kita na walang katarungan."	Pagtanaw sa integridad sa pagitan ng salapi at dangal
3. "Ang taong 'yan na matutulungan mo, sa iba naman gaganti ng kabutihan at hindi na sa iyo."	Transaksyunal na Pagtulong (Inaasahang kapalit o pansariling interes)	Salawikain: "Gawa ng mabuti, sa iba ang ganti." Bibliya (Kawikaan 11:25): "Ang mapagbigay na kaluluwa ay tataba; at ang nagdidilig ay didiligan din naman."	Pagsasalin-salin ng tulong (pananagutang moral) para sa pagbabago ng iba
4. "Ang pinakamagandang pagtulong sa kapwa ay tulungan mo siya na matulungan ang kanyang sarili."	Isyung Moral sa Pagpapakatao	Salawikain: "Kung may isinuksok, may madudukot." Bibliya (Kawikaan 13:4): "Ang kaluluwa ng tamad ay naghahangad, at walang nakukuha; ngunit ang kaluluwa ng masipag ay tataba."	Pagsasalin-salin ng tulong (pananagutang moral) para sa pagbabago ng iba
5. "Ang api-apihan, e pinagpapala ng Diyos. Kaya huwag kang mag-isip ng ano mang 'ika nga e ilalagay mo sa kamay mo ang batas."	Silakbo ng Galit at Paghihiganti	Salawikain: "Ang lumalakad nang matulin, kung matinik ay malalim." Bibliya (Kawikaan 20:22): "Huwag mong sabihin, 'Gaganti ako sa masama;' maghintay ka sa Panginoon, at ililigtas ka Niya."	Mabuting salita ng magulang

Sa diyalogo ni Celso, *Kahit buhay ko'y itataya ko, magbago lang ang pagkilala sa 'king pagkatao*, makikita ang matatag na katwiran na talikdan ang isang madilim na karanasan. Ang pagpapasyang ito, batay sa aklat ni Panizo ay nagtataglay ng ganap na pagkukusa sapagkat ang tauhan ay may buong kaalaman at kalayaang piliin ang kaniyang landas. Ang paga-alay ng buhay ay pagpili sa isang marangal na pagkatao upang mapawi ang usig ng budhi.

Sa pilosopiyang Pilipino ni Timbreza, ang diyalogo ito ay naglalarawan ng pagpukaw ng tunay na loob. Ang pagpapakatao para sa mga Pilipino ay hindi nasusukat sa nakaraan kundi sa wagas na kalooban sa kasalukuyan. Ang kahandaan ng tauhan na itaya ang kaniyang buhay ay isang pagbabago ng kalooban upang mabawi ang nawalang dangal at muling maging mabuting mamamayan nang pililiin niyang ipagtanggol ang nangangailangan ng tulong. Isang manipestasyon sa pilosopiyang Pilipino na parating may pagkakataon ang isang tao na mapatunayan ang sarili batay sa ipinapakita nitong kalooban sa kasalukuyan. Ibig sabihin, likas sa tao ang magbago at magpabuti ng kanyang sarili.

Samantala, ang linyang sinabi ni Emma, *Pero sanay ako sa hirap. Hindi ako naghahangad na magkakuwarta at yumaman sa masamang paraan ay isang tuwirang tugon sa krisis kahirapan*. Sa pananaw ni Panizo, ang kahirapan ay isang *modifier* o salik na nakakaapekto sa moral na pagkilos ng tao, subalit sa pamamagitan ng tamang konsensiya ay nagawa ng tauhan na iwasan o itakwil ang tukso. Hindi siya nagpadala sa alok na pera kapalit ng pagtanim ng bawal na gamot, sa halip ay nagkaroon siya ng lakas ng loob na isuplong sa mga pulis ang masamang gawain ng isa pang tauhan. Pinatunayan ng tagpong ito na mas mahalaga ang dangal kaysa pera at sa buhay, hindi siya nagpaalipin sa salapi. Ang ganitong paninindigan ay naging daan upang malutas ang isyung moral ng kuwento. Pinili niyang panatilihin ang kalinisan ng kaniyang budhi. Higit pa rito, ninais niyang maging isang taong puno ng paninindigan sa sarili sa pamamagitan ng mahigpit na pagkapit sa moralidad.

Ang diyalogong *Ang taong 'yan na matutulungan mo, sa iba naman gaganti ng kabutihan at hindi na sa iyo*, ay maituturing na kalinisan ng layon (purity of intention) ng isang tao. Sa etika ni Panizo, ang isang kilos ay nagiging buo o ganap na mabuti kapag ang layon nito ay ang kabutihan ng kapwa sa halip na kabutihan ng sarili nang walang hinihintay na papuri. Sa Batas ng Ganti ng Tadhana (Cosmic Harmony) ni Timbreza, ang kagandahang-loob ay isang unibersal na daloy ng moralidad. Malinaw na ang isinasaad ng pilosopiyang ito ay paghahangad na makatulong sa iba, na ang kabutihang itanim ng tao ay hindi na kailangang anihin ng taong ito. Ang bunga ng aning ito ay babalik sa ibang anyo at sa takdang panahon dahil tanging Diyos lamang ang nagbibigay ng gantimpala sa taong tumutulong sa kaniyang kapwa. Laganap ang ganitong konsepto ng balik na biyaya sa tao sa magkakaiibang pangkat-etniko ng Pilipinas. Patunay ang pagsasagawa ng kabutihan at babalik ito sa tao sa ibang paraan at anyo.

Sa mga kuwentong *Hindi na sa Iyo, Ang Aginaldo ni Tandang Primo*, at *Kahit Paskong Tuyo* ay naipakita ang pagsasalin-salin ng tulong. Naging matatag ang konsepto ng kawanggawa upang ituring na pananagutang moral. Pinaglapit ang kalooban ng mga tauhan dahil sa layuning tumulong. Sa pilosopiyang Pilipino, ang ugnayang ito ay pinatatakbo ng utang na loob. Ayon kay Enriquez (1992), ito ay kabilang sa katutubong pagpapahalaga na nakatanim sa pagkataong Pilipino upang kilalanin ang naging tulong o ambag ng isang tao sa kanyang kapwa.

Sa mga tumutulong na bukal sa kanilang kalooban, naniniwala sila na ang pagganti sa kabutihan ay hindi na ibinabalik sa pinanggalingan, kundi dapat na itong ipasa sa ibang nangangailangan. Nalikha sa mga tauhang ito ang siklo ng bayanihan na naging positibong impak sa paglutang ng mga isyung moral sa mga kuwento. Batay sa prinsipyo ni Panizo, ukol sa kalinisan ng layon, ang pagsasalin ng tulong ay masasabing aktuwal na pagsasalin ng buhay na konsensya (ng munting tinig sa loob ng tao) sa lipunan.

Ang huling diyalogo, *Ang api-apihan, e pinagpapala ng Diyos. Kaya huwag kang mag-isip ng ano mang 'ika nga e ilalagay mo sa kamay mo ang batas*, sa pahayag na ito ay nakita ang malaking hamon ng konsensya. Ayon kay Panizo, ang galit ay isang silakbo ng damdamin (passion) na nagiging balakid sa katwiran ng tao. Ang konsensya sa pahayag na ito ay naging tagapigil sa sikolohikal na usapin, ito ay upang pigilan ang di-mabuting nararamdaman ng tauhan tungkol sa pagkilala ng batas ng tao at batas ng Diyos.

Ang isyu sa kuwento ng *Ang Konsensya ni Kuyang Pasyo* ay isyu ng silakbo ng galit at paghihiganti sa gitna ng kaapihan. Ang krisis na ito ay nalutas sa pamamagitan ng usig ng konsensya. Malinaw na sa pamagat ay nakita na kung paanong kumilos ang munting tinig na ito sa kalooban ng tauhan ayon kay Panizo. Sa pilosopiyang Pilipino, ang konsensyang ito ay nagpapakita ng malalim na pananalig sa Panginoon. Sa Katarungang Kosmiko ni Timbreza, ang pagpapasakop sa kalooban ng Panginoon ay nagkakaroon ng pananatili ng kapayapaan at kaayusan sa komunidad. Ang api-apihan ay bukambibig ng mga Pilipino na pinagpapala ng Diyos. Hindi ang marahas na kamay ng tao ang magbibigay ng solusyon sa kaapihan, kundi ang pagpapasakop sa Panginoon. Ang pagpaparaya ng naapi ay hindi karuwagan subalit rurok ng pagpapakatao at pagpapanatili ng pagkakaisa.

Sa kuwento, si Tonyo, bilang ama ay hindi nakalimot na pangaralan ang anak sa maaaring isipin at gawin. Walang katarungang binawi ng may-ari ang saka ni Tonyo, pinagbintangang taong-labas si Pasyo, at binugbog ng mga militar. Malinaw na pang-aapi ito at paglabag sa karapatang pantao. Sa pagsusuri, bagaman binigo ng anak ang payo ng ama dahil ipinagpatuloy niya ang kaniyang masamang plano ay nangyari pa ring usigin siya ng kaniyang konsensya. Ang pagkaudlot ng paghihiganti ay hindi nangangahulugang ang tauhan ay naging sunud-sunuran, subalit dahil sa mabuting loob ng ama ay naipakita niya ang kaniyang pagpapakatao.

4. Konklusyon

Pinatutunayan ng pag-aaral na ang Paglilipat-diwa ng mga Kawikaan sa mga piling maikling kuwento ay isang dinamikong anyo ng intertekstual na transpormasyon sapagkat ang mga salawikain at kawikaan sa Bibliya ay nabigyan ng kabuluhan at kahulugan sa loob ng mga diyalogo at karanasan ng mga tauhan. Sa pamamagitan ng pagtatapatan ng mga katutubong salawikain at mga kawikaan sa Bibliya, nabubuo ang isang buhay na ugnayan ng mga teksto na nagpapatuloy sa paghahatid ng mga makataong pagkilos sa iba't ibang kaganapan.

Naipakita ng pag-aaral na ang diyalogo ang naging pangunahing batis ng intertekstual na transpormasyon. Ang diskursong namagitan sa mga tauhan ay nagpasibol sa mga aral na bagaman hindi lantad o tuwirang ipinahayag ay sinikap ng awtor na si RSG na maiugnay sa mga salawikain at kawikaan sa Bibliya, sa gayon ay maging repleksyon ng kongkretong karanasan sa buhay. Ang mga diyalogong ito ay hindi lamang nagsasalaysay ng pangyayari, kundi nagsisiwalat ng mga pagpapahalagang tulad ng pagtulong sa kapwa, katapatan, pagpapatawad, pananagutan, paggalang, at pagmamalasakit. Sa ganitong paraan, ang karunungan-bayan sa anyong salawikain ay isinabuhay upang maparating sa mambabasa sa pamamagitan ng mga tauhan.

Sa mga isyung moral na tinalakay sa pag-aaral ay namalas ang konsensya bilang sangkap ng kalooban ng mga tauhan upang magnilay at magpasya. Sa pagharap ng mga tauhan sa iba't ibang karanasan at suliranin, ang mga aral mula sa salawikain at kawikaan ay muling sumibol sa kanilang kamalayan at naging batayan ng kanilang pag-unawa at pagkilos. Dahil dito, ang karanasan ay hindi lamang nagiging tagpuan ng tunggalian kundi ng kalutasan sa mga krisis moral.

Pinagtibay rin ng pag-aaral ang pananaw ng Teoryang Intertekstualidad na ang kahulugan ng isang teksto ay nabubuo sa pakikipag-ugnayan nito sa iba pang teksto. Pinatutunayan ng pananaliksik na ito na ang diyalogo sa maikling kuwento ni RSG ay hindi lamang isang elemento

ng isang akdang pampanitikan, kundi isang dimensyong pantao na taglay ang etikal na aral. Sa pamamagitan ng intertekstualidad ay nakita ang ugnayan ng salawikain na itinuturing karunungan-bayan at ispirital na karunungan mula sa Aklat ng Kawikaan. Ang mga ugnayang ito ay nagpapamalas na ang kamalayang moral ng mga Pilipino ay nakasalalay sa unibersal na prinsipyo ng dangal, katarungan, at wagas na pagtulong sa kapwa. Malayang ipinahayag ng awtor ng mga kuwento ang mga makataong pagkilos na dapat taglayin ng mga kuwentong naghahangad mag-iwan ng bisa sa kaasalan.

Ang Paglilipat-diwang Kawikaan bilang konsepto sa pag-aaral na ito ay naging isang sistematikong proseso ng pag-uugnay ng mga kawikaan mula sa Banal na Kasulatan at salawikaing nadokumento sa antolohiya ni Eugenio (2002). Ito ang naging midyum sa paglalapat, pagsasalin at pagbibigay-buhay sa loob ng personal na diskurso ng mga tauhan. Gamit ang etikal na pilosopiya ni Panizo (1964) ay lumitaw na ang paglilipat-diwang kawikaan sa mga diyalogo ay nagpapatunay na ang mga tauhan ay kumikilos bilang mga rasyonal na tagaganap ng mga makataong pagkilos. Malinaw na naisalin ng konseptong ito ang kaalaman, kalayaan, at pagkukusa sa iba't ibang anyo ng teksto.

5. Reperensya

Ang Banal na Bibliya: Aklat ng Kawikaan.

Bakhtin, M. M. (1981). *The Dialogic Imagination: Four essays* (M. Holquist, Ed.; C. Emerson & M. Holquist, Trans.). University of Texas Press.

Barone, F. (2021, February 26). *Knowledge is power: Anthropology of proverbs*. Human Relations Area Files. <https://hraf.yale.edu/knowledge-is-power-anthropology-of-proverbs>

Enriquez, V. (1992). *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. University of the Philippines Press.

Eugenio, D. L. (2002). *Philippine folk literature: The proverbs* (Vol. 6). University of the Philippines Press.

Gabriel, R. (1970, May 4). *Si Tata Ute at Ang Traysikel*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1972, Hulyo 10). *Mga Dugang Panaginip*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1972, Setyembre 11). *Ang Konsensya ni Kuyang Pasyo*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1972, Disyembre 18). *Ang Aginaldo ni Tandang Primo*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1972). *Kahit Paskong Tuyo*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1977, Hulyo 11). *Kahit May Tatak*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1977, Oktubre 3). *Nagbarog si Tata Oca*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1977, Mayo 23). *Wais Ako Inday...Wais*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1989, Agosto 7). *Hindi na sa Iyo*. Liwayway Magazine.

Gabriel, R. (1989, Agosto 28). *Ang Pangako ni Pamar*. Liwayway Magazine.

Kristeva, J. (1980). *Desire in language: A semiotic approach to literature and art* (L. S. Roudiez, Ed.; T. Gora, A. Jardine, & L. S. Roudiez, Trans.). Columbia University Press.

Panizo, A. (1964). *Etika*. Novel Publishing House.

Timbreza, F. T. (1982). *Pilosopiyang Pilipino*. Rex Bookstore.